

ACTIVITY

A. Kulayan ang larawan.



B. Sagutin ang mga tanong.

1. Bakit itinapon si Daniel sa kulungan ng mga leon?

2. Paano tumugon si Daniel sa utos ng hari na nagbabawal sa pagdarasal sa sinuman maliban sa hari?

3. Paano pinrotektahan ng Diyos si Daniel mula sa mga leon?

4. Ano ang reaksiyon ni Haring Darius nang matuklasan niyang hindi nasaktan si Daniel?

5. Paano naimpluwensyahan ng kuwento ni Daniel ang hari at ang mga tao sa kanyang kaharian?

Regular na nanalangin si Daniel at nagtiwala sa Diyos. Nagpakita siya ng malaking tapang at integridad sa pamamagitan ng patuloy na pagdarasal kahit na ito ay labag sa batas. Sa pamamagitan ng kanyang katapatan at pagliligtas ng Diyos, kalaunan ay kinilala at pinuri ni Haring Darius ang Diyos. Naging mabuting ehemplo si Daniel ng kanyang pananampalataya sa ibang tao. At sa pamamagitan niya ay nakilala ng ibang tao ang buhay na Diyos.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Miguel ay isang 10 taong gulang na bata na mahilig maglaro ng basketball at mag-aral ng mga science experiment. Siya ay kilala sa kanilang paaralan bilang isang mabait at masipag na estudyante. Araw-araw, bago pumasok sa paaralan, nananalangin si Miguel at humihingi ng gabay mula sa Diyos.

Isang araw, in-announce ng kanilang principal na magkakaroon ng malaking basketball tournament sa kanilang paaralan. Si Miguel ay pinili bilang team captain ng kanilang koponan. Labis siyang natuwa at nagpasya na magsanay nang mabuti upang manalo sa torneo. Ngunit si Brian, ang dating team captain, ay naiinggit kay Miguel at nagplano na sirain ang kanyang reputasyon.

Si Brian at ang kanyang mga kaibigan ay nagplano na guluhin ang mga ensayo ni Miguel at ng kanyang koponan. Isang araw, habang nag-eensayo sila, sinabotahe ni Brian ang bola at sinubukang palihim na sakitin si Miguel sa pamamagitan ng paglalagay ng langis sa sahig ng court.

Habang nag-eensayo, nadulas si Miguel at muntik nang magka-injury. Nalaman ng coach ang insidente at pinatawag si Miguel. "Miguel, mukhang sinasadya ang nangyari sa iyo. Alam mo ba kung sino ang gumawa nito?" tanong ng coach.

Naisip ni Miguel na baka si Brian ang may gawa nito, ngunit ayaw niyang maghinala nang walang sapat na ebidensya. Kaya't sumagot siya, "Hindi ko po alam, coach. Ngunit alam ko na kailangan naming magpatuloy sa aming ensayo at magtiwala sa Diyos."

Dahil sa kanyang determinasyon, bumalik si Miguel sa ensayo kinabukasan. Patuloy siyang nagdasal at humingi ng gabay sa Diyos. Isang araw, habang nag-eensayo sila, napansin ni Miguel na may mga kakaibang kilos si Brian at ang kanyang mga kaibigan. Nakita ito ng coach at nagdesisyon na imbestigahan.

Nang malaman ni Brian na ang coach ay naghahanap ng ebidensya, lumapit siya kay Miguel at umamin, "Miguel, kami ang naglagay ng langis sa sahig para guluhin ang ensayo mo. Nais ko lang talagang bumalik sa pagiging captain."

Ngumiti si Miguel at sinabing, "Brian, pinapatawad kita. Ngunit sana'y matuto tayo na mas mahalaga ang pagiging patas at mabuti sa kapwa."

Sa araw ng torneo, naglaro si Miguel at ang kanyang koponan nang buong husay. Sa kabila ng mga pagsubok, nanalo sila at nagpakita ng tunay na espiritu ng sportsmanship. Ang kanilang tagumpay ay hindi lamang dahil sa kanilang husay kundi pati na rin sa kanilang determinasyon at pananampalataya sa Diyos.

Natutunan ng mga bata sa kanilang paaralan na tulad ni Daniel, ang pananampalataya at katapatan ay magdadala ng tunay na tagumpay. Si Miguel ay nagtagumpay hindi dahil sa pandaraya kundi dahil sa kanyang matibay na pananampalataya at katapatan sa Diyos. Ang kanyang kwento ay nagpapaalala na kahit ano pa ang hamon, ang Diyos ay laging nandiyan upang magbigay ng lakas at proteksyon sa mga tapat sa Kanya.

Mga tanong.

- Bakit nakaramdam ng inggit si Brian at ang kanyang mga kaibigan kay Miguel?
-

- Paano tumugon si Miguel nang matuklasan niyang may sumabotahe sa kanyang pagsasanay?

- Bakit pinili ni Miguel na patawarin si Brian sa halip na gumanti?

- Ano ang natutunan ng mga kasamahan at kaklase ni Miguel sa kanyang halimbawa?

Sa kabila ng mga hamon at pagtatangkang isabotahe ang kanyang mga pagsisikap, nanatiling tapat at nagtiwala si Miguel sa Diyos. Pinatawad din niya si Brian at ang kanyang mga kaibigan sa kabila ng kanilang pagtatangka na saktan siya. Ang mga batang tulad natin ay dapat na pahalagahan ng paglapit at paghingi sa Diyos ng patnubay at suporta lalo na sa mahihirap na panahon at pagpapatawad at pag-alis ng sama ng loob, pagtataguyod ng kapayapaan at pagkakasundo.



D. Memory Verse

Anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo nang buong puso na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa mga tao. **Colosas 3:23**